**HINDI DISKRIMINASYON/PANANAKIT**

Ang distrito ay nagtalaga ng/mga indibidwal na nabanggit sa ibaba bilang mga emplyeadong responsable sa pakikipag-ugnayan sa distrito upang makasunod sa estado at pederal na batas sa mga karapatang sibil, kagaya ng Titulo IX ng Pagbabago sa Edukasyon ng 1972, Seksyon 504 ng Kilos ng Rehabilitasyon ng 1973, Titulo II ng Batas para sa mga Amerikanong may Kapansanan, at ang Batas sa Diskriminasyon sa Edad ng 1975, at upang sagutin ang mga katanungan tungkol sa polisiya sa pagtanggal ng diskriminasyon ng distrito. Ang/mga indibidwal ay dapat ding maglingkod bilang isang kasamang opisyal(es) na nakasaad sa AR 1312.3 – Magkakatulad na Pamamaraan sa Pagrereklamo bilang isang responsableng empleyadong hahawak sa mga reklamo tungkol sa diskriminasyong labag sa batas, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, o pambu-bully, base sa tunay na lahi, kulay, ninuno, pambansang lahi, nasyonalidad, etnisidad, pagkakakilanlan ng pangkat etniko, edad, relihiyon, katayuan ng pagiging kasal o magulang, pisikal o mental na kapansanan, sekswalidad, oryentasyong sekswal, kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagpapahayag ng kasarian, katayuan ng imigrasyon, o kahit anong protektadong ligal na estado; ang pang-unawa sa isa o mahigit pa ng mga nasabining katangian; o kaugnayan sa tao o grupo ng may isa o mahigit pa ng mga aktwal o pinaghihinalaang mga katangian. Ang tagapag-ugnay o kasamang opisyal(es) ay maaaring makontak sa: (Pang-edukasyong Aliuntunin 234.1;5 CCR 4621).

Lynn Ryan
Titulo IX /Opisyal ng Magkakatulad na Pamamaraan sa Pagrereklamo
4100 Normal street, Room 2129
San Diego, CA 92103
619-725-7225
lryan@sandi.net

*(cf. 1312.1 – Reklamong ukol sa mga Empleyado ng Distrito)*
*(cf. 1312.3 - Magkakatulad na Pamamaraan sa Pagrereklamo)*

**Mga Hakbang upang Maiwasan ang Diskriminasyon**

Upang maiwasan ang diskriminasyong labag sa batas, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, paghihiganti, at pambu-bully, ng mga estudyante sa paaralan ng distrito o sa aktibidad ng paaralan at upang masigurado ang pantay na karapatan ng mga estudyante sa programang pang-edukasyon, ang Superindente, o tagatalaga ay dapat magpatupad ng mga sumusunod na hakbang:

1. Isapubliko ang polisiya ng distrito sa pagtanggal ng diskriminasyon at mga pamamaraang may kaugnayan sa mga reklamo, kabilang ang impormasyon upang makontak ang tagapag-ugnay o ng kasamang opisyal, sa mga estudyante, magulang/katiwala, empleyado, boluntaryo, at ang pangkalahatang publiko, sa pamamagitan ng pagpaskil nito sa tanyag na mga lugar, website ng distrito at iba pang tanyag na mga lokasyon at pagbibigay ng madaling pag-access sa kanila sa pamamagitan ng suportadong social media ng distrito, kung mayroon.

*(cf. 1113 - Website ng Distrito at Paaralan)*
*(cf. 1114 – Social Media na Tinatangkilik ng Distrito)*

2. Magbigay sa estudyante ng manwal na naglalaman ng mga impormasyong naangkop sa edad na klarong inilalarawan ang polisiya sa pagbabawal ng diskriminasyon ng estado, mga pamamaraan sa pagsampa ng reklamo, at mayroong sanggunian para sa estudyanteng nararamdamang sila ay naging biktima ng anumang katulad na kilos. (Alituntunang Pang-edukasyon 234.1).

3. Abisuhan nang taunan ang lahat ng estudyante at magulang/katiwala tungkol sa polisiya sa pagbabawal ng diskriminasyon ng distrito. Ang abiso ay dapat magbibigay impormasyon sa estudyante at magulang/katiwala sa mga posibilidad na ang mga estudyante ay makikilahok sa

programa ng paaralang magkakahiwalay batay sa kasarian o aktibidad na kasama ang estudyanteng kaiba mo ng biyolohikal na kasarian, at maaari nilang maabisuhan ang kasamang opisyal kung ang nasabing partisipasyon ay magiging labag sa paniniwalang relihiyoso ng estudyante at/o pagsasanay o paglabag sa kanyang karapatan sa pagkapribado. Sa ganitong kaso, ang kasamang opisyal ay dapat matugunan ang estudyante at/o magulang o katiwalang nagtaas ng pagtutol upang matukoy kung paano pinakamabsang mapaunlakan ang estudyante na iyon. Ang paunawa ay dapat magpabatid ng mga estudyante at magulang/katiwala na ang distrito ay hindi sila karaniwang maabisuhan tungkol sa indibidwal na mga pagkakataong ang estudyanteng transgender ay nakikilahok sa isang programa o aktibidad.

*(cf. 5145.6 – Abiso ng Magulang)*

4. Ang Superintende o tagatalaga ay dapat matiyak na ang lahat ng estudyante at magulang/ katiwala kabilang ang estudyante at magulang/katiwalang may limitadong kasanayan sa Ingles, ay naabisuhan sa kung paano maaaccess ang mga nauuukol na impormasyong nakasaad sa polisiya laban sa diskriminasyon ng distrito at sa kaugnay na pamamaraan ng reklamo, abiso, at sa paraang nasa wikang naiintindihan nila

   Kapag 15 posiyento o mahigit pa sa mga estudyanteng nakatala sa partikular na paaralan ng distrito ay nagsasalita ng iisang pangunahing wika maliban sa Ingles, ang polisiya, regulasyon, mga form, at abisong may kaugnayan sa pagbawal sa diskriminasyon ay dapat maisalin sa wikang nito alinsunod sa Alituntuning Pang-edukasyon 234.1 at 48945. Sa lahat ng iba pang pagkakataon, ang distrito ay dapat masiguado ang makabuluhang pag-access ng lahat ng mahalagang impormasyon para sa magulang/katiwalang may limitadong kasanayan sa Ingles

5. Pagbigay sa mga estudyante, empleyado, boluntaryo, at magulang/katiwala ng pagsasanay at impormasyong akma sa edad tungkol sa polisiya sa pagbawal sa diskriminasyon ng distrito; kung sino ang nagtatag ng pagbabawal sa diskriminasyon, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, paghihiganti, o pambubully; paano at kung kanino dapat maipasa ang ulat ng insidente; at kung paano mag-ingat laban sa pagbubukod, pag-estereotipo ng mga estudyante habang nagbibigay ng tagubilin, patnubay, pangangasiwa, o iba pang serbisyo sa kanila, Ang mga ganitong pagsasanay at impormasyon ay dapat may nakapaloob na mga patnubay na tutugon sa mga isyung may kaugnayan sa transgender at mga estudyanteng may hindi tumutugmang kasarian.

*(cf. 1240 – Tulong ng Boluntaryo)*
*(cf. 4131 – Pag-unlad ng Kawani)*
*(cf. 4231 - Pag-unlad ng Kawani)*
*(cf. 4331 - Pag-unlad ng Kawani)*

6. Sa simula ng bawat taon ng pag-aaral, ipaalam sa mga empleyado ng paaralan na ang kahit sinong empleyadong makasaksi ng kahit anong kilos diskriminasyon na labag sa batas, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, o pambubully, laban sa isang estudyante ay kailangang makialam o umawat kung ito ay ligtas gawin. (Alituntuning Pang-edukasyon 234.1)

7. Sa simula ng bawat taon ng pag-aaral, ipaalam sa bawat prinsipal o tagatalaga na responsibilidad ng distrito na magbigay ng angkop na tulong o mapagkukunan upang mapangalagaan ang karapatan ng pagkapribado ng estudyante at matiyak ang kanilang kaligtasan mula sa pagbabanta o potensyal na pag-uugali sa diskriminasyon.

8. Magpahayag ng depinisyon ng diskriminasyon sa kasarian at pananakit tulad ng inilarawan sa Alituntuning Pang-edukasyon 221.8, sa tanyag na lokasyon, sa website ng distrito, sa paraang ito ay madaling mahahanap o maaaccess ng mga magulang/katiwala at estudyante. (Alituntuning Pang-edukasyon 234.6)

9. Magbigay ng link ng pinagsamang mapagkukunan ng CDE sa buong estado, kabilang ang mga organisasyong nakabatay sa pamayanan na nagbibigay suporta sa kabataan na nakaranas nang diskriminasyon sa paaralan, pananakit, intimidasyon o pambubuly at sa kanilang pamilya. Ang mga nabanggit na mapagkukunan ay dapat mailathala sa mga tanyag na lokasyon sa website ng dstrito sa paraang ito ay madaling maaaccess ng mga magulang/katiwala at estudyante. (Alituntuning Pang-edukasyon 234.5, 234.6)

10. Maglathala sa mga tanyag na lokasyon sa website ng dstrito sa paraang ito ay madaling maaaccess ng mga magulang/katiwala at estudyante, imprmasyong tungkol sa Titulo IX pagbabawal laban sa diskriminasyon batay sa kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, pagbubuntis, status ng pagkamagulang, kabilang ang mga sumusunod: (Alituntuning Pang-edukasyon 221.6, 221.61, 234.6)

    a. Pangalan at impormasyon sa pakikipag-ugnay ng tagapag-ugnay ng Titulo IX ng distrito, kabilang ang numero ng telepono at email

    b. Ang Karapatan ng mga estudyante at ng publiko at ang mga responsibilidad ng distrito sa ilalim ng Titulo IX, kabilang ang tala ng mga karapatang nakasaad sa Alituntuning Pang-edukasyon 221.8 at link sa mga impormasyong tungkol sa Karapatan at responsibilidad na makikita sa mga website ng Opisina para sa Pantay na Oportunidad at sa Opisina ng Kagawaran ng Edukasyon para sa Karapatang Sibil ng U.S.

    c. Ang paglalarawan kung paano makakapagpasa ng reklamo ng hindi pagsunod sa ilalim ng Titulo IX, ay dapat na naglalaman ng:

        (1) Isang paliwanag ng batas sa limitasyon sa loob kung saan ang reklamo ay dapat na maisampa matapos mangyari ang nasabing insidente ng diskriminasyon at kung paano maaaring maisampa ang reklamo nang lagpas sa batas ng limitasyon

        (2) Isang paliwanag kung paano maiimbestigahan ang reklamo at kung paano ito maipagpapatuloy pa ng nagrereklamo, kabilang ang link sa web sa impormayon sa website ng OCR.

        (3) Isang link sa web ng mga form ng reklamo sa OCR at ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan para sa opisina, kabilang ang numero at email para sa opisina

**Pagpapatupad ng Polisiya ng Distrito**

Ang Superindente o tagatalaga ay dapat na gumawa ng naaangkop na aksyon upang mapatupad ang BP 5145.3 – Walang Diskriminasyon/Pananakit. Kung kinakailangan, ang mga aksyon ay maaring kabilang kahit ano sa mga sumusunod:

1. Pagtatanggal ng bulgar o nakakasakit na bandalismo

*(cf. 5131.5 – Bandalismo at Grapiti)*

2. Magbigay ng pagsasanay sa mga estudyante, kawani, at magulang/katiwala tungkol sa kung makikilala ang diskriminasyong labag sa batas at kung paano tumugon

3. Pagkalat at/o paglagom ng polisiya at regulasyon ng distrito tungkol sa mga diskriminasyong labag sa batas

4. Naaalinsunod sa mga batas tungkol sa pagiging kompidensyal ng estudyante at personal na tala, naiuugnay ang tugon ng paaralan sa estudyante, magualng/katiwala at sa komunidad

*(cf. 4112.6/4212.6/4312.6 – Personal na Papeles)*
*(cf. 4119.23/4219.23/4319.23 – Hindi Pinahihintulutang Paglabas ng Kompedensyal/Pribilehiyong Impormasyon)*
*(cf. 5125 – Tala ng Estudyante)*

5. Paggawa ng nararapat na aksyong pandisiplina laban sa mga salarin at sa kung sinong natukoy na sangkot sa maling pagrereklamo, kabilang ang estudyanteng natuklasang gumawa ng reklamo tungkol sa kanyang maling nalalaman sa diskriminasyon

*(cf. 4118 – Suspensyon/Pandisiplinang Aksyon)*
*(cf. 4218 - Pagpapaalis/Suspensyon/Pandisiplinang Aksyon)*
*(cf. 5144 - Disiplina)*
*(cf. 5144.1 - Suspensyon and Pagpapatalsik/Angkop na Paraan)*
*(cf. 5144.2 - Suspensyon and Pagpapatalsik/Angkop na Paraan (Estudyanteng may Kapansanan))*
*(cf. 6159.4 – Mga Interbesyon sa Pag-uugali para sa mga Estudyante ng Spesyal na Edukasyon)*

**Paraan sa Pagpapasimuno at Pagtugon sa Reklamo**

Kahit sinong estudyanteng nakakaramdan na siya ay nakaranas na ng diskriminasyong labag sa batas na nakasaad sa itaas o sa polisiya ng distrito, ay mahigpit na inaanyayahang agad-agad na makipag-ugnayan sa opisyal na nagpapatupad, prinsipal, o kahit sinong miyembro ng kawani. Sa karagdagan, ang kahit sinong estudyanteng nakapagmasid ng nasabing insidente ay mahigpit na inaanyayahang mag-ulat ng insidente sa opisyal na nagpapatupad, principal, kahit man o hindi ang sinasabing biktima ang nagsampa ng reklamo.

Kahit sinong empleyado ng paaralan na nakasaksi ng insidente ng diskriminasyong labag sa batas, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, pagganti, o pambubully, o kahit na kanino isinumbong ang insidente, ay dapat na mag-ulat ng insidente sa opisyal na tagapatupad o prinsipal sa loob ng araw ng pasok, kahit man o hindi ang sinasabing biktima ang nagsampa ng reklamo.

Kahit sinong empleyado ng paaralan ang nakasaksi ng insidente ng diskriminasyng labag sa batas, kabilang ang diskriminasyong may pananakit, intimidasyon, pagganti, o pambubully, ay dapat na umawat sa insidente kung ito ay ligtas na gawin. (Alituntuning Pang-edukasyon 234.1)

Kapag ang kahit anong ulat o sumbong ng diskriminasyong labag sa batas, kabilang pananakit, intimidasyon, pagganti, o pambubully, ay isinumite o natanggap na ng principal o opisyal na tagapatupad, siya ay dapat magpabatid sa estudyante o magulang/katiwala ukol sa kanilang karapatang magsampa ng pormal na reklamo ayon sa probisyong nasa AR 1312.3 – Magkakaparehong Pamamaraan ng Pagrereklamo. Ang kahit anong ulat ng diskriminasyong labag sa batas na kinasasangkutan ng prinsipal, opisyal na tagapatupad, o kahit sinong taong karaniwang pinagsumbungan o pinagpapasahan ng reklamo ay sa halip na dapat isumite sa Superintende o tagatalaga. Kahit na ang estudyante ay piniling hindi magsampa ng pormal na reklamo, ang principal o opisyal na tagapatupad ay dapat na magpatupad ng agarang kilos upang mapigilan ang diskriminasyon at masiguro na ang lahat ng estudyante ay may Karapatan sa programa ng eduaksyon at ligtas na kapaligiran sa paaralan.

Sa pagtanggap ng reklamo tungkol sa diskriminasyon, ang opisyal na tagapatupad ay dapat agad na imbestigahan ang reklamo nang naaayon sa magkakaparehong pamamaraan ng pagrereklamo ng distritong nakasaad sa AR 1312.3.

*(cf. 5141.4 – Pag-iwas at Pag-ulat sa Pang-aabuso sa mga Bata)*

**TANDAAN:** Reklamo tungkol sa pananakit ay dapat na maasikaso sa pamamagitan ng pederal na pamamaraan ng pagrereklamo ng Titulo IX kung ang nasabing pag-uugali ay akma sa depinisyon ng pederal sa sekswal na pananakit o pang-aabuso. Sa ilalim ng regulasyon ng Titulo IX (34 CFR 106.30), ang sekswal na pang-aabuso ay kinabibilangan ng:

1. ang isang empleyado sa distrito na nag-aayos ng probisyon sa pagtulong ng distrito, ay nakinabang o nagserbisyo sa isang indibidwal na may partisipasyon ng hindi kinagigiliwang pag-uugaling sekswal;

2. ang hindi kinagigiliwang pag-uugaling natukoy ng makatuwirang tao ay Malala, laganap, at talagang nakakasakit na ito ay mabisang tumatanggi sa pantay na karapat ng tao sa programa ng edukasyon o aktibidad; o

3. pang-aabusong sekswal, karahasan ng katipan, domestikong karahasan, o pagsubaybay nang palihim na tinutukoy sa 20 USC 1092 at 34 USC 12291. Ang mga paratang na hindi nakakaabot ng ganitong depinisyon ay dapat na maasikaso sa pamamagitan ng UCP ng distrito.

(Tingnan ang BP/AR 5145.7 – Pang-aabusong Sekswal at AR 5145.71 – Titulo IX Pamamaraan ng Pagrereklamo sa Pang-aabusong Sekswal).

**Transgender at Estduyanteng may Hindi Tumutugmang Kasarian**

Ang *kasarian* ay tumutukoy sa seks ng isang tao kabilang ang pagkakakilanlan ng kanyang kasarian at pagpapahayag ng kanyang kasarian. (Alituntuning Pang-edukasyon §210.7; 5 CCR §4910[k])

*Pagkakakilanlan ng Kasarian* ay ang pagkakakilanlang nauugnay sa kasarian, hitsura, o pag-uugali, man o hindi iyong pagkakakilanlang nauugnay sa kasarian, hitsura, o pag-uugali ay naiiba sa tradisyonal na naiuugnay sa pisyolohiya ng estudyante o itinalagang seks sa pagkapanganak.

*Pagpapahayag ng Kasarian* ay ang hitsura at pag-uugaling nauugay sa kasarian ng estudyante, kung ito man o hindi estereotipong naiuugnay sa itinalagang sekswalidad sa pagkapanganak ng estudyante. (Alituntuning Pang-edukasyon 210.7)

*Pagbabago ng Kasarian* ay ang proseso kung saan ang estudyante ay nagbago mula sa pamumuhay at pagkilala sa seks na itinalaga sa estudyante pagkapanganak patungo sa pamumuhay o pagkilala sa sekswalidad na tumutugon sa pagkakakilanlan ng kasarian ng estudyante.

*Ang estudyanteng may Kasariang hindi Tumutugma* ay ang mga estudyanteng may pagpapahayag ng kasariang naiiba sa estereotipong inaasahan.

Ang *Sekswalidad* ay tumutukoy sa biyolohikal na kondisyon ng pagiging babae o lalaki.

*Ang Transgender na estudyante* ay ang estudyanteng may pagkakakilanlan ng kasarian o pagpapahayag ng kasarian na naiiba sa tradisyonal na naiuugnay sa nakatalagang seks nila pagkapanganak.

Kilos pasalita, hindi pasalita, pisikal na agresyon, intimidasyon, o poot na nakabase sa sekswalidad, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian, hindi alintana kung ito ay sekswal sa kanyang likas, kung saan ang kilos ay may layunin sa pagkakaroon ng negatibong epekto sa akademikong pagganap ng estudyante o sa paggawa ng nakakatakot, pagalit, o nakakasakit na kapaligran sap ag-aaral ay ipinagbabawal sa ilalim ng estado at pederal na batas. Halimbawa ng mga klase ng kilos na ipinagbabawal sa distrito at maaaring makabuo ng pananamantala base sa kasarian ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado sa

1. Pagtangging tukuyin ang estudyante sa pangalan at panghalip na naaalinsunod sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian

2. Pagdidisiplina o pagpapahiya sa estudyanteng transgender dahil sa kanyang pag-uugali, estilo ng buhok o estilo ng pananamit na kumakatawan sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian, o ang estudyanteng hindi transgender dahil sa kanyang pag-uugali, estilo ng buhok, o estilo ng pananamit na hindi sumusunod sa esteryotipong akma sa kanyang kasarian at nakikita bilang

pagkakakilanlan ng ibang kasarian.

3. Pagharang sa pagpasok ng estudyante sa banyo na tumutugon sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian dahil siya ay isang transgender o may hindi tumutugmang kasarian

4. Panunuya sa estudyante dahil sa kanyang paglahok sa atletikong aktibidad na mas kadalasang pinapaboran ang estudyante ng ibang kasarian.

5. Pagsisiwalat ng estado ng pagiging transgender ng estudyante sa mga indibidwal na wala naming lehitimong pangangailangan ng impormasyon

6. Paggamit ng insulto sa tiyak na kasarian

7. Pisikal na pananakit sa estudyanteng naudyok ng poot patungo sa kanya dahil sa kanyang kasarian, pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian

Ang magkakaparehong pamamaraan ng pagrereklamo ng distrito (AR 1312.3) ay dapat na maggamit upang maiulat at malutas ang reklamong may kinalaman sa diskriminasyon laban sa transgender at estudyanteng may hindi tumutugmang kasarian.

Halimbawa sa mga basehan ng pagrereklamo ay kinabibilangan, ngunit hindi limitado, sa mga listahan sa itaas bilang hindi akmang pagtanggi ng distrito sa iginigiit na pagkakakilanlan ng kasarian ng estudyante, pagtanggi sa pag-access sa pasilidad na tumutugon sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian, hindi akmang pagkalat ng estado ng pagiging transgender ng estudyante, pagpapatupad ng diskriminasyon sa pamantayan ng pananamit, at iva pang halimbawa ng pananamantala na base sa kasarian.

Upang masiguro na ang mga estudyanteng transgender o may hindi tumutugmang kasarian ay makakaranas ng parehong Karapatan, benepisyo, at proteksyong ibinibigay sa lahat ng estudyante ayon sa batas at polisiya ng lupn, ang distrito ay dapat na tumugon sa bawat sitwasyon nang may kaso sa kaso na batayam, alindsunod sa mga sumusunod na mga patnubay:

1. **Karapatan sa Pagkapribado.** Lahat ng tao, kabiang ang mga estudyante, ay may karapatan sa pagkapribado; ito ay kinabibilangan ng pagtago ng estudyante sa kanyang aktwal o pinaghihinalaang pagkakakilanlan ng kasarian, o pagpapahayag ng kasarian nang pribado. Ang tauhan ng paaaralan ay hindi dapat maglabas ng aktwal o pinaghihinalaang pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian sa, ibang estudyante, magulang/katiwala, at/o iba pang mga tauhan sa paaralan, maliban kung mayroong tiyak na “kailangang makaalam” nang sa gayon ay maipatupad ang akomodasyon o proteksyon sa ilalim ng ganitong pamamaraan. Ang tauhan sa paaralan ay dapat na maalalahanin sa pagiging kompidensyal at Karapatan sa pagkapribado sa tuwing nakikipag-ugnayan sa magulang/katiwala upang hindi maibunyag, maipahiwatig, o matukoy ang aktwal o pinaghihinalaang pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian ng estudyante. Upang masiguro ang pagiging kompidensyal, sa tuwing tumatalagay ng partikular na isyu kagaya ng pag-uugali, disiplina, grado, pagdalo, kalusugan, o kahit anong iba pang bagay na nauugnay sa paaralan, ang tauhan sa paaralan ay dapat magtuon ng pansin sa pag- uugali o partikular na isyu, at hindi sa kahit anong palagay patungkol sa aktwal o pinaghihinalaang pagkakakilanlan o pagpapahayag ng kasarian ng estudyante. Lahat ng estudyante (kasama ang transgender) ay may Karapatan sa bukas na diskusyon tungkol sa kanilang pagkakakilanlan ng kasarian at pagpapahayag ng kasarian at magpasya kalian, kanino, at gaano karaming pribadong impormasyon ang nais niyang ibahagi.

   Kung naaangkop sa nakatakdang pisikal, emosyonal at ibang mahalagang panganib sa estudyante, ang prinsipal o tagatalaga ay maaaring ituring ang pagkakaroon ng diskusyon sa mga estudyante sa pangangailangan ng pagbunyag ng estado ng pagiging transgender o kasariang hindi tumutugma sa kanyang mga magulong/katiwala at/o sa iba pa, kabilang ang ibang mga estudyante, guro, o iba pang nakatatanda sa kampus. Ang distritp ay dapat na mag-alok ng serbisyong sumusuporta, katulad na lamang ng pagpapayo, sa mga estudyanteng

nagnanais na mapaalam sa mga magulang/katiwala nila ang kanilang esdtado at nagnanais ng tulong sa paggawa nito.

*(cf. 1340 – Pag-access sa Talaan ng Distrito)*
*(cf. 3580 – Talaan ng Distrito)*

2. Pagtugon sa Pangangailangan sa Pagbabago ng Kasarian ng Estudyante: Ang principal o tagatalaga ay dapat na gumawa ng pagpupulong kasama ang estudyante at, kung kinakailangan, ang kanyang magulang/katiwala upang matukoy ang mga potensyal na isyu, kabilang ang mga isyung may kinalaman sa kanilang pagbabago ng kasarian, at upang makabuo ng estratehiya para sa pagtugon sa kanila. Ang pagpupulong ay dapat na tatalakay sa mga Karapatan ng mga transgender o estudyanteng may hindi tumutugmang kasarian at dapat na matugunan ang tiyak na mga paksang may kunalaman sa Karapatan ng estudyante sa oag-access sa pasilidad at sa akademiko o edukasyonal na nakatutulong na programa, serbisyo, o aktibidad, kabilang, ngunit hindi limitado sa, isports at iba pang mapagkumpetisyang hangarin. Sa karagdagan, ang principal o tagatalaga ay dapat na matukoy ang tiyak na empleyado na nasa paaralan kung kanino maaaring mag-ulat ang mga estudyanteng may problemang may kinalaman sa kanyang estado bilang transgender o hindi tumutugmang kasarian, upang ang makagawa ng maagap na aksyon sa pagtugon dito. Sa kahilili nito, kung naaangkop at ninanais ng estudyante, ang paaralan ay maaaring bumuo ng susuportang pangkat para sa mga estudyanteng magpupulong pana-panahon upang masuri kung ang kaayusan ng ng estudyante ay nagagampanan ang kanyang pang-edukasyonal na pangangailangan at nakapagbibigay ng pantay na Karapatan sa programa at aktibidad, pagturo sa naaayon na kawani tungkol sa pagbabago ng kasarian ng estudyante, at magsilbing sanggunian sa estudyante para mas maprotektahan ang estudyante sa diskriminasyong batay sa kasarian.

3. Karapatan sa Pasilidad, Programa a Aktibidad na Magkahiwalay batay sa Kasarian: Ang distrito ay maaaring magpanatili ng pasilidad na magkahiwalay base sa kasarian, kagaya ng mga banyo, locker, at programa at aktibidad na magkahiwalay batay sa kasarian, kagaya ng klase sa PE, isports sa labas ng kampus, at eskolastikong atletikong programa sa labas ng paaralan. Ang estudyante ay dapat na magkaroon ng Karapatan sa pasilidad at sumali sa mga programa at aktibidad na naaayon sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian na naaalinsunod sa paaralan. Kung maaari at hiniling ng estudyante, hindi alintana ang kanilang mga nakasaad na dahilan, ang distrito ay dapat mag-alok ng mga pagpipilian upang matugunan ang pagkabahala sa pagkapribado sa mga pasilidad na nakahiwalay batay sa kasarian, kagaya ng walang-pinapanigang kasarian o pang-isahang gamit na banyo o lugar na palitan, kuwadro sa banyong may pinto, lugar sa silid ng locker na piaghihiwalay ng kurtina o tabing, karapatang makapasok sa opisina ng miembro ng kawani, o paggamit ng silid ng locker bago at pagkatapos ng ibang estudyante. Subalit, ang distrito ay dapat na hindi atasan ang estudyante na gamitin ang mga pinagpipiliang ito dahil siya ay isang transgender o may hindi tumutugmang kasarian. Sa karagdagan, ang estudyante ay dapat na hayaang lumahok batay sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian sa mga kalagayan kung saan ang mga estudyante ay pinaghihiwalay batay sa kanilang kasarian, katulad ng talakayan sa klase, larawan para sa yearbook, at paglalakbay o field trip. Ang Karapatan ng estudyanteng lumahok sa mga aktibidad na nakahiwalay batay sa kasarian ay alinsunod sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian ay dapat na hindi makapagbigay ng hindi wasto o hindi angkop na ibang panuntunan sa pagiging karapat-dapat na itinatag para sa partisipasyon sa aktibidad.

*(cf. 6145 - Extrakurikular at Cokurikular na mga Aktibidad)*
*(cf. 6145.2 – Atletikong Paligsahan)*
*(cf. 6153 – Paglalakbay na Isponsor ng Paaralan)*
*(cf. 7110 – Pangunahing Plano sa Pasilidad)*

4. Talaan ng Estudyante: Ang ligak na pangalan o kasarian ng estudyante na nailagay sa kailangang talaan ng estudyante ayon sa 5 CCR 432 ay dapat lamang na mabago ayon s autos ng korte. Subalit, sa ibang dokumentong may kinalaman sa distrito at ang mga nakasulat na

kahilingan ng estudyante, kung naaangkop, ang kanyang magulang/katiwala, ang distrito ay dapat na gamitin ito bilang napiling pangalan at panghalip na naaayon sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian na naaalinsunod sa paaralan.

*(cf. 5125 - Talaan ng Estudyante)*
*(cf. 5125.1 – Paglabas ng Impormasyon sa Direktoryo)*

5. Pangalan at Panghalip: Kung ang estudyante ay pumili, ang tauhan sa paaralan ay dapat na tukuyin ang estudyante sa kanyang pangalan at panghalip na naaayon sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian na naalinsunod sa paaralan, nang walang pangangailangan ng utos mula sa korte o pagbabago sa kanyang opisyal na talaan sa distrito. Subalit, ang hindi sinasadyang pagkadulas o tapat na pagkakamali ng tauhan ng distrito sa paggamit ng pangalan at/o naaayon na panghalip ng estudyante ay hindi dapat maharap sa paglabag ng nasabing pang-administratibong regulasyon o ang nabibilang sa polisiya ng distrito.

6. Alituntunin sa Uniporme o Pananamit: Ang estudyante ay may karapatang pumili ng isusuot na damit sa paraang naaalinsunod sa kanyang pagkakakilanlan ng kasarian na sang-ayon sa iginigiit sa paaralan, sakop sa kahit anong alituntunin sa pananamit na pinagtibay sa site ng school.

*(cf. 5132 – Alituntunin sa Pananamit)*

Inaprubahan ang
Regulasyon noong: Hunyo 25, 2017
Binago noong: Enero 26, 2021

**SAN DIEGO UNIFIED SCHOOL DISTRICT**
San Diego, California